ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# ANG PAG-UNAWA SA MGA PAMPUBLIKONG BABALA SA WIKANG FILIPINO: ISANG KWALITATIBO DESKRIPTIBO PAG-AARAL

**Hanna M. Bacante[1], Norrelyn B. Gedaro, LPT[2]**
[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
[2] *Program Coordinator, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22815**
**DOI No: 10.36713/epra22815**

**ABSTRAK**

*Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay galugarin ang karanasan ng mga taumbayan sa pag-unawa ng mga pampublikong babala sa wikang Filipino. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo at deskriptibong dulog upang masuri ang mga pananaw at karanasan ng mga kalahok. Isinagawa ito sa Kapalong, Davao del Norte kung saan labing-apat na mamamayan ang naging partisipante. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng in-depth interview at focus group discussion, na nagbigay-daan upang makuha ang malalim na pag-unawa sa kanilang mga karanasan at pananaw. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong magbigay ng mahahalagang kaalaman tungkol sa kahalagahan ng wika sa epektibong komunikasyon ng mga pampublikong babala. Ipinakita sa resulta ang positibong karanasan ng mga taumbayan sa paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino, ngunit may kakulangan sa bilang at kalinawan nito. Ipinakita rin sa resulta na mas nauunawaan at naisasagawa ng publiko ang tamang aksyon kapag ang babala ay isinalin sa wikang Filipino na naging bunga sa pag-iwas ng panganib. Dagdag pa pinahahalagahan ng mga taumbayan ang paggamit ng wikang Filipino sa mga babala bilang bahagi ng pambansang pagkakakilanlan at pagtataguyod ng ligtas na komunidad.*

**SUSING SALITA**: *pampublikong babala, kwalitatibo-deskriptibo, kwalitatibo, taumbayan ng Kapalong, Kapalong Davao del Norte*

***Kabanata 1***

## INTRODUKSYON

Ang mga pampublikong babala ay may mahalagang papel na ginagampanan sa paghatid ng mahahalagang impormasyon sa publiko, pagtiyak sa kaligtasan, at pagpapadali ng paggalaw sa isang lugar. Ngunit ang paggamit ng wikang Filipino sa pampublikong babala ay maaring magkaroon ng problema sa mamamayang pilipino. Karamihan sa mga pampublikong babala ay gumagamit ng isang wika upang ipahayag ang mensahe at mga tagubilin, ngunit limitado ang paggamit ng multilingual signages (Djonda at Madrunio 2023). Ang mga *linguistic minority* ay nahaharap sa natatanging kahinaan sa panahon ng mga sakuna dahil sa *linguicism* (diskriminasyon sa wika). Walang mga pampublikong babala na nakasulat para sa mga *linguistic minority* at hindi sapat ang kanilang kaalaman na maunawaan ang mga pampublikong babala sa kanilang pangalawang wika, at maari itong makaapekto sa kanila na maiwasan ang panganib (Uekusa 2019).

Samantala, sa Ghana, napapansin ang hindi balanseng paggamit ng wika sa mga pampublikong babala. Bagama't ang opisyal na wika ng bansa ay Ingles, ang wikang madalas gamitin sa mga pampublikong babala ay Akan. Gayunpaman, maraming mamamayan ang hindi nakakaunawa ng wikang ito. Bagamat ipinapakita ng mga pampublikong babalang ito ang pagpapahalaga sa kanilang katutubong wika, nagdudulot ito ng hamon sa pagiging epektibo ng komunikasyon. Ang hindi pagkakaayon ng wika sa kakayahang maunawaan ng lahat ay maaaring magdulot ng kalituhan at maging hadlang sa layunin ng malinaw na impormasyon para sa kaligtasan at kaayusan (Anderson et al, 2020).

Sa Pilipinas, partikular sa Cagayan Valley, ang paggamit ng wikang Filipino sa mga pampublikong babala ay nagdudulot ng malaking hamon. Marami sa mga nakatatanda ang hindi nauunawaan ang mga malalalim na termino sa wikang Filipino na ginagamit sa mga babalang ito, na nagreresulta sa hindi epektibong komunikasyon at limitadong pagsunod sa mga inilagay na babala. Bukod dito, isa pang mahalagang hamon ay ang panganib ng tuluyang pagkawala ng kanilang katutubong wika na

Ibanag, sapagkat mas pinipili na ng mga kabataan ang paggamit ng wikang Filipino. Ang sitwasyong ito ay hindi lamang nakaaapekto sa epektibo at malinaw na pagpapalaganap ng impormasyon, kundi pati na rin sa pagpapanatili ng identidad kultural ng rehiyon (Coballes 2022).

Ang wikang Filipino ay simbolo ng ating pagkakilanlan bilang mga Pilipino, kung kaya't ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin kung paano nauunawaan ng mga mamamayan ang mga babalang nakasulat sa wikang Filipino. Mahalaga ang pagaaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng malinaw na pag-unawa sa kung paano epektibong nakapagbibigay ng impormasyon ang mga pampublikong babala tungkol sa kaligtasan at mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

panuntunan, at kung paano ito nauunawaan ng mga mamamayan sa Pilipinas. Kung ang mga babala ay hindi malinaw o hindi naaabot ang layunin nitong magbigay ng impormasyon, maaaring magdulot ito ng hindi pagkakaunawaan o mga aksidente. Ang pag-aaral na ito ay makakatulong sa pagpapabuti ng mga mensaheng pampubliko sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri ng wika, istilo, at istruktura ng mga babala. Makikita rin dito kung paano nakakaapekto ang mga aspeto ng komunikasyon sa reaksyon ng publiko, kaya't ang resulta ng pananaliksik ay magiging mahalaga sa pagpapabuti ng mga polisiya at kaugalian na may kinalaman sa pampublikong komunikasyon.

Gayunpaman ang mananaliksik ay hindi nakatagpo hinggil sa pag-unawa sa epekto ng pampublikong babala sa wikang Filipino, subalit may mga pananaliksik na may ugnayan sa epektibong pampublikong babala. Ang pag-aaral ni Bustamante (2021) na ang layunin ay matukoy ang persepsyon at karanasan ng mga banyagang mag-aaral na nag aaral ng wikang Ingles sa kanilang pag-unawa sa mga pampublikong babala sa Pilipinas. At ang pag-aaral ni Clorion et al., (2024) na sinuri ang mga pampublikong babala na nakatuon lamang sa iisang wika at walang katumbas na salin sa kanilang katutubong wika, ipinapakita sa pananaliksik na ito ang kahalagahan ng mga multilingual na signages para sa komunikasyon at pagpapahalaga sa lokal na wika. Samantalang ang pag-aaral ni Champakaew et al., (2023) na ang layunin ay suriin ang mga pampublikong babala sa multicultural na lugar, partikular sa dalawang lugar, at ihambing ang pagkakatulad at pagkakaiba ng epekto nito. Ang pag-aaral na ito ay binibigyang diin ang iba't ibang a ng pampublikong babala mula sa mga banyagang mag-aaral sa wikang Ingles, kahalagahan ng multilingual signages hanggang sa pampublikong babala sa multicultural na lugar Samantalang ang pananaliksik ko ay hindi direktang nakapokus sa mga aspektong nabanggit sa ibang pananaliksik, ito ay nakatuon sa epekto ng pampublikong babala sa wikang Filipino sa lungsod ng Maniki Kapalong Davao del Norte na kung saan mas nakasanayan ng mga mamamayan ang pag basa ng mga pampublikong babala sa wikang Ingles at bisaya.

Pagkatapos ng pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay naglalayong magbahagi ng impormasyon. llathala ang gawaing ito sa pamamagitan ng mga *conference* na kaugnay ng pananaliksik at mga ahensya. Ang mga resulta at makukuhang impormasyon sa pag-aaral ay makakatulong sa mga mamamayan, at munisipalidad upang matukoy ang problema sa pampublikong babala. Dagdag pa rito, ang pananaliksik na ito ay napapanahon at maaaring maging daan upang maipakita at malaman ang mga pananaw at saloobin ng mga mag-aaral.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng kwalitatibong deskriptibo na pag-aaral na ito ay upang maunawaan ang epekto ng pampublikong babala sa wikang Filipino at upang masuri ang pag-unawa ng mga tao sa mga babala sa wikang Filipino sa Kapalong Davao del Norte.

Samakatuwid ninanais ng mananaliksik na matukoy ang mga positibo at negatibong epekto ng pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino sa pampublikong lugar.

1. Ano ang mga karanasan ng mga mamamayan ng sa paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino?
2. Paano naaapektuhan ang mga aksyon at desisyon ng publiko sa kanilang kapaligiran batay sa kanilang interpretasyon at pag-unawa sa pampublikong babala na wikang Filipino?
3. Ano ang iyong pananaw sa paggamit ng pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino?

**Kabanata 2**

## METODOLOHIYA

Sa kabanatang ito ay tinalakay ang mga pamamaraan at proseso partikular sa mga instrumento sa pamamagitan ng paghanap ng mga impormasyon at ebidensya para malaman ang mga karanasan at saloobin ng mga mag-aaral.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang ginamit sa disenyong pananaliksik ay kwalitatibo sa deskriptibo na dulog sa pagsusuri. Ang kwalitatibong pag-aaral ay ang disenyo na kung saan may hangarin na magbigay ng detalyadong impormasyon at datos upang masuri at maunawaan ang aspekto ng isang groupo o mensahe. May layunin din itong makapagbigay ng kaalaman at perpekstiba sa mga katangian at kalakaran ng isang populasyon upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at interpretasyon sa konteksto ng pagaaral. (Creswell 2014)

Ginamit ng mananaliksik ang disenyong ito kung saan naihayag nang maayos ang persepsyon ng mga tao sa epektibong pag gamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino. Ito rin ay nakatulong sa pamamagitan ng paglalarawan at pag-unawa sa mga katangian, implikasyon, at epekto ng pampublikong babala sa wikang Filipino sa lipunan. Sa pamamagitan ng paggamit ng deskriptibong disenyo, maaaring masuri ang mga reaksyon, pananaw, at pag-unawa ng mga tao sa pampublikong babala sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pamamaraan na ito, nakuha ng mananaliksik ang iba't ibang mga saloobin ng mga partisipante na mga mamamayan ng Maniki Kapalong Davao del Norte hinggil sa kanilang mga karanasan sa pagbasa at pag-unawa sa mga pampublikong babala sa wikang Filipino.

Ang deskriptibo na dulog sa pananaliksik ay isang mahalagang paraan upang maunawaan at maipaliwanag ang mga pangyayari mula sa perspektibo ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng pagsusuri at paglalarawan ng mga karanasan at pananaw ng mga partisipante, nagiging mas malalim at komprehensibo ang pagunawa sa mga phenomenon. Ito ay nagbibigay daan sa mga mananaliksik na makakuha ng mas malawak at detalyadong kaalaman hinggil sa mga bagay na kanilang pinag-aaralan. Ang paggamit ng ganitong disenyo ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mananaliksik na mas mapalalim ang kanilang pag-unawa at interpretasyon sa mga karanasan ng kanilang mga kalahok (McCallum 2018).

Ang paggamit ng deskriptibong dulog sa pananaliksik na ito ay nagbibigaydaan sa mas malalim at masusing pagsusuri ng epektibong paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino. Layunin nitong tuklasin at masuri ang mga pangangailangan, karanasan, at pananaw ng mga kalahok upang

matiyak na ang mga babala ay naipapahayag nang malinaw, nauunawaan, at tinatanggap ng iba't ibang sektor ng mamamayan, lalo na ang mga nasa lokal na komunidad. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa konteksto at karanasan ng mga partisipante, nagiging posible ang paglikha ng mga babalang hindi lamang teknikal na epektibo kundi may malalim na kabuluhan at kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na buhay, na tumutugon sa kanilang mga tunay na pangangailangan. Bukod dito, ang ganitong disenyo ay tumutulong upang gawing mas personal at makabuluhan ang mga pampublikong babala, na nagtataguyod ng mas maayos na komunikasyon, kaligtasan, at responsableng pag-uugali sa komunidad. Ang deskriptibong dulog ay nagsisilbing mahalagang instrumento upang mapabuti ang pagbuo at pagpapalaganap ng mga babalang pampubliko, na naglalayong mapalawak ang kaalaman at kamalayan ng mga mamamayan hinggil sa mga mahahalagang isyu sa lipunan.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Ang mananaliksik ay may mahalagang tungkulin bilang pangunahing instrumento sa pagsasagawa ng pananaliksik, na nangangailangan ng maingat na pangangalap, pagsusuri, at pagtatala ng kinakailangang datos. Bahagi ng kanyang responsibilidad ang maayos na pakikipag-ugnayan sa mga partisipante upang masiguro ang kanilang aktibong pakikilahok at maipaliwanag nang malinaw ang layunin ng pag-aaral. Mahalaga ring ipatupad ang mga etikal na alituntunin, tulad ng pagbibigay ng pahintulot sa mga partisipante, pangangalaga sa kanilang karapatan, at pagtiyak ng kumpidensyalidad sa mga impormasyon. Sa ganitong paraan, naitataguyod ang kredibilidad at integridad ng pananaliksik, na nagbibigay-daan upang ang mga natuklasan ay maging tumpak at kapani-paniwala. Ang malinaw na pagpapahayag ng tungkulin ng mananaliksik ay hindi lamang nagpapalakas ng tiwala ng mga partisipante at mambabasa, kundi nagsisilbing pundasyon para sa tagumpay ng pag-aaral at sa kontribusyon nito sa larangan ng kaalaman (Unluer 2015).

Mahalaga ang tungkulin ng isang mananaliksik sa bawat yugto ng pananaliksik, mula sa pangangalap at pagsusuri ng datos hanggang sa pagsulat ng detalyadong ulat. Bilang pangunahing tagapanayam, kinakailangan niyang mapanatili ang maayos na ugnayan at pakikitungo sa mga partisipante, na ginagabayan ng mga prinsipyo ng etika upang mapangalagaan ang kanilang karapatan at dignidad. Dapat ding gampanan ng mananaliksik ang maraming papel, tulad ng pagiging

tagapanayam, tagasalin, tagapagdaloy, tagapagsulat, tagarekord, at tagapag-analisa ng datos. Bukod dito, mahalagang masiguro na nauunawaan ng bawat partisipante ang layunin ng pananaliksik at na mayroon silang karapatang tumanggi o umurong mula sa paglahok nang walang anumang takot sa negatibong epekto. Sa huli, ang mananaliksik ang pangunahing responsable sa pagsusuri ng impormasyon at sa malinaw na pagpapahayag ng mga natuklasan ng pag-aaral. Mahalaga para sa isang mananaliksik na maunawaan at sundin ang mga prinsipyo sa pagsisiyasat upang mapanatili ang integridad, kahusayan, at pagiging patas ng pananaliksik, pati na rin ang tiwala ng publiko sa mga resulta nito (Creswell 2013).

**Mga Partisipante o Kalahok sa Pananaliksik**

Sa pag-aaral na ito, ang mga partisipante ay binubuo ng labing-apat na mamamayan mula sa Kapalong, Davao del Norte. Sila ay pinili batay sa kanilang karanasan at kaalaman hinggil sa mga pampublikong babala sa wikang Filipino. Ang mga partisipanteng ito ay may iba't ibang edad, antas ng edukasyon, at mga propesyon, na nagbibigay-daan sa mas malawak na perspektibo tungkol sa mga isyu na tinalakay. Ang mga napiling kalahok ay nahati sa dalawang pangkat upang maisagawa ang pinalalim na panayam at pangkatang talakayan.

Ang purposive sampling ay pipili ng mga partisipante na may mga tiyak na karanasan para sa isang tiyak na pag-aaral at naisakatuparan ang pag-aaral, ginamit nang mananaliksik ang purposive sampling. Ang *purposive sampling* ay isang seleksiyon sa pagpili ng mga partisipante sa kanilang mananaliksik na karaniwang kasangkapan na ginagamit sa kwalitatibong pag-aaral (Creswell 2013). Gayunpaman, ang paggamit sa metodo ay hindi sapat para maipaliwanag nang maayos sa karamihan ang pag-aaral. Ang purposive sampling technique ay kusang pinili ng mananaliksik, dahil sa katangian nito. Ang mananaliksik ay nagpasiya kung ano ang pangangailangan na makilala at magtakda sa tao kung ano ang dapat na maibigay na impormasyon, kaalaman, at karanasan (Sheppard, 2006).

Sa karagdagan, ang kwalitatibong uri ng pag-aaral ay maaaring gumamit ng iba’t ibang sampling na metodo. Ang *purposive sampling* ay ginamit para tukuyin ang labing-apat na mamamayan na mayroong karanasan tungkol sa pagbasa at pagunawa sa mga pampublikong babala sa wikang Filipino na sumang-ayon na maging partisipante sa pag-aaral na ito. Ang mananaliksik ay ginamit ang *purposive sampling technique* kung saan ang napili na partisipante ay kailangang sumagot sa mga katanungan ng pananaliksik. Ito ay malawak na ginamit at popular sa kwalitatibong pananaliksik para sa pagkakakilanlan at pagpili ng impormasyon na may kaugnayan sa interes ng penomena (Palinkas, 2015).

**Pangangalap ng mga Datos**

Ang unang ginamit na hakbang na isinaalang-alang ng mananaliksik ay ang balidasyon na ginamitan ng talatanungan. Matapos mabuo ang mga talatanungang ginamit, isinumete sa tagapagpayo pagkatapos ay sa *panel* ng mga eksperto upang masuri ang katiyakan ng isinagawang pananaliksik. Nasunod naman ng mananaliksik ang payo ng mga eksperto sa pagrerebisa hanggang sa ito ay naaprubahang gamitin.

Pagkatapos ng balidasyon ay nagpadala ng liham-pahintulot sa Munisipalidad ng Kapalong Davao del Norte upang ipagbigay alam na magkaroon ng pananaliksik sa pampublikong daan. Pagkatapos nito, personal na nakipag usap ang mananaliksik sa mga partisipate na kabilang sa pananaliksik. Sila ay may kusang loob na maki bahagi sa pananaliksik.

Bago simulan ang proseso ng pagkuha at pagtitipon ng mga sagot sa mga tanong na ibinigay, ang mananaliksik ay nagbigay ng paliwanag tungkol sa proseso ng pag-aaral at nagbahagi ng *informed consent* sa mga partisipante ng pananaliksik. Binigyan sila ng karapatan na tumanggi at hindi magpatuloy sa pag-aaral

at hindi sila pinilit. Sa pagkuha at pagtitipon ng mga sagot, ginamit ng mananaliksik ang mas detalyadong panayam at pangkalahatang talakayan. Sa pagpapatupad ng mas detalyadong panayam, naghanap ang mananaliksik ng pribadong lugar upang makapanayam ang labing-apat partisipante sa pananaliksik. Sila ay isa-isang nilapitan ng mananaliksik at maayos na naitala ang kanilang mga sagot.

Matapos ang mas detalyadong panayam at pangkalahatang talakayan at pagkatapos makuha ang datos mula sa mga sagot ng bawat partisipante, isinalin ng mananaliksik ang kanilang mga sagot sa verbatim. Humingi ang mananaliksik ng tulong mula sa tagapayo at mga eksperto upang maayos ang mga tema sa resulta ng pananaliksik.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Sa isang bahagi ng pagsasaliksik na ito, ayon kay Khan (2020), ang sunudsunod na proseso sa pagsasagawa ng kwalitatibong analisis ng datos at ang paraan sa pagsusuri ng datos ay nabanggit. Kasama sa nabanggit niya ang thematic analysis na ginamit ng mananaliksik sa pagsusuri ng datos.

Ang pagsusuri ng lahat ng datos na nakuha sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri ay isang epektibong paraan ng pagsusuri ng datos na kabilang ang pagbabasa ng iba't ibang datos tulad ng mga transcript mula sa mga malalim na panayam o focus group, at pagtukoy sa mga patterns ng kahulugan sa kabuuan ng datos. Ang tematikong pagsusuri ay isang popular na pamamaraan sa larangan ng sikolohiya. Ito ay isang adaptable na paraan ng pagsusuri na nagbibigay-daan sa pagbuo ng bagong pananaw at konsepto mula sa mga datos (Braun & Clark 2006). Sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri, maaaring masuri at maunawaan ang mga datos na nakuha sa epekto ng pampublikong babala sa wikang Filipino.

Ang tematikong pagsusuri ay nagbibigay-daan sa pagtukoy ng mga patterns ng kahulugan sa kabuuan ng datos, na maaaring magresulta sa pagbuo ng bagong pananaw at konsepto hinggil sa nasabing isyu. Sa larangan ng sikolohiya, ang tematikong pagsusuri ay kilala bilang paraan na naglalayong magbigay ng mas malalim na pag-unawa at interpretasyon sa mga impormasyon na nakalap. Sa ganitong paraan, ang *thematic analysis* ay maaaring maging isang epektibong tool sa pag-unawa sa epekto ng pampublikong babala sa wikang Filipino sa pamamagitan ng paglalantad ng mga kritikal na kahulugan at konsepto mula sa mga datos.

**Pagtitiwala sa Kawastuhan ng Pag-aaral**

Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, mahalaga ang maingat na pagsunod sa mga pamantayan sa pananaliksik upang masiguro ang kredibilidad at integridad ng mga natuklasang impormasyon. Ang kwalitatibong analisis ay nakatuon sa kalidad at layuning maipakita ang kahusayan at kabuluhan ng pananaliksik. Upang matiyak ang pagiging maaasahan ng mga datos, ginamit ng mananaliksik ang apat na pamantayan: kredibilidad, pagpapatunay, paglilipat, at pagkamaasahan. Ang pagsunod sa mga pamantayang ito ay nakakatulong upang matugunan ang anumang usapin tungkol sa integridad ng pag-aaral at mapanatili ang tiwala sa mga natuklasan (Shenton 2004).

**Kredibilidad.** Sa isang pananaliksik, mahalaga ang pagiging kapani-paniwala ng mga resulta batay sa konseptwal na interpretasyon at pagsusuri ng datos mula sa orihinal na impormasyon ng mga partisipante. Upang matiyak ang kredibilidad, isinagawa ng mananaliksik ang mga pamamaraan tulad ng paulit-ulit na pagtatanong, na naglalayong patunayan ang katumpakan ng mga natuklasan. Ang mga pamamaraang ito ay nakatuon sa pagbibigay ng matibay na batayan para sa mga resulta, na nagmumula sa mga tunay na datos at karanasan ng mga partisipante. Sa pamamagitan ng ganitong proseso, nagiging mas makabuluhan at mapagkakatiwalaan ang interpretasyon ng mga natuklasan sa pananaliksik. Ang mga hakbang na ito ay mahalaga upang mapanatili ang mataas na antas ng kredibilidad sa isang pag-aaral (Guba at Lincoln 1981).

Ang paulit-ulit na pagtatanong sa pananaliksik ay isang mahalagang pamamaraan upang makuha ang mga mahahalagang konsepto at kasagutan na magbibigay linaw at magpapalalim sa pag-unawa sa mga resulta ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagtatanong, maaaring mapatunayan ang mga impormasyon na nakalap, na nagbibigay ng kawastuhan sa mga natuklasan. Ito ay isang batayan na ginagamit upang tiyakin na ang mga resulta ay may kaugnayan sa layunin ng pananaliksik at naglalaman ng mga kasagutan na makatotohanan at may kabuluhan. Ang proseso ng paulit-ulit na pagtatanong ay naglalayong linisin ang mga impormasyon at alisin ang mga kasagutan na hindi angkop o hindi naaayon sa layunin ng pag-aaral.

Matapos ang pagkuha ng lahat ng datos at ang kanilang pagsasalin sa tulong ng tagapag-analisa ng datos at tagapayo, mahalaga na siguruhin ng mananaliksik na magkaroon ng pagkakataon ang mga partisipante na suriin at tukuyin kung tama ang mga impormasyon na kanilang ibinahagi. Sa pamamagitan nito, matitiyak ang kredibilidad ng resulta ng pananaliksik at masusing mapag-aralan ang katumpakan ng mga pahayag ng mga partisipante. Ang prosesong ito ay naglalayong masiguro ang integridad ng mga datos at mapalalim ang pag-unawa sa kahulugan ng mga resulta ng pananaliksik (Shenton, 2004).

Ang mananaliksik ay nagbigay ng importansya sa kredibilidad ng pag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng paulit-ulit na pagtatanong o follow-up na mga katanungan sa panahon ng pakikipanayam. Ito ay upang bigyang-daan ang mga partisipante na maipahayag ang kanilang mga saloobin nang hindi limitado ang kanilang pagsasalita. Ang prosesong ito ay nagpapatunay na ang mananaliksik ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga partisipante na magpahayag at magbahagi ng kanilang mga karanasan at opinyon sa pamamagitan ng pagbuo ng mga katanungan na may kaugnayan sa follow-up na mga tanong sa pananaliksik. Sa ganitong paraan, ang integridad at kredibilidad ng pag-aaral ay naipapakita sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at pagsuporta sa mga partisipante upang maipahayag nila ang kanilang mga saloobin at karanasan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Pagpapatunay**. Sa konteksto ng pananaliksik, ang pagpapatunay o confirmability ay tumutukoy sa pagiging neutral at walang kinikilingan sa pag-uulat ng mga resulta. Ito ay isang paraan upang masiguro na ang mga datos na nakuha ay hindi naapektuhan ng personal na bias o interes ng mananaliksik (Cohen et al, 2008). Ang *confirmability* ay naglalarawan ng kalidad ng resulta ng pananaliksik na sinusuportahan ng mga datos na nakuha (Shenton, 2004).

Ang detalyadong paglalarawan ng mga hakbang na isinagawa ay nagbibigay ng mas malalim na pang-unawa kung paano nakuha ang mga datos na ginamit. Ang pinakamahirap na bahagi ng proseso ng *confirmability* ay ang *audit trail*, kung saan ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mambabasa na maunawaan ang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang na isinagawa sa pananaliksik (Shenton, 2004).

Sa *audit trail,* mahalaga ang dokumentasyon ng bawat hakbang at desisyon na ginawa sa pananaliksik upang maging transparent at maipakita ang proseso ng pagkuha at paggamit ng datos. Ito ay isang paraan upang mapatunayan ang kredibilidad at kawastuhan ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga ebidensya at detalye sa bawat yugto.

**Paglilipat.** Ang paglilipat ay nagpapakita na ang mga natuklasan ay maaaring mailapat sa iba't ibang konteksto. Ang pagbibigay ng karagdagang impormasyon ay mahalaga upang mapalawak at maipakita ang kahalagahan ng datos na ginamit sa iba pang kaugnayang pananaliksik, ayon kay Creswell (2014). Sa pamamagitan ng paglilipat, maaaring maipakita na ang mga resulta ng isang pananaliksik ay may bisa at kahalagahan hindi lamang sa kasalukuyang konteksto kundi pati na rin sa iba pang mga larangan o sitwasyon. Ang proseso ng pagbibigay ng karagdagang impormasyon ay naglalayong mapalawak ang pag-unawa at kahalagahan ng mga datos na ginamit sa iba't ibang aspekto ng pananaliksik. Ito ay nagbibigay-daan sa pagpapalawak ng impormasyon at pagtuklas ng mga posibleng ugnayan sa iba't ibang larangan ng kaalaman.

Upang mapanatili ang transperensiya ng pananaliksik, mahalaga ang paglalantad ng malalim na pag-unawa at detalyadong paglalarawan ng mga hakbang at proseso na isinagawa sa pag-aaral. Ang pagtitiyak na ang lahat ng datos ay maayos at eksaktong naitala ay nagpapakita ng kahandaan ng mananaliksik na ipakita at patunayan ang mga natuklasan sa isang malinaw at wastong paraan. Ito ay naglalayong mapanatili ang integridad at kredibilidad ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagsiguro na ang lahat ng impormasyon ay maayos at wasto na nailahad.

**Pagkamaasahan.** Ang pagkamaasahan ay ipinapakita sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga proseso sa pagkuha ng impormasyon, pagsusuri ng datos, at pagbibigay ng malalim na paliwanag (Creswell, 2013). Ang pagpapakita ng kredibilidad ay mahalaga upang tiyakin ang kahusayan. Ito ay natamo sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang paraan, kagaya ng pinalalim na panayam at pangkatang talakayan (Shenton, 2004). Dito ay mahalaga ang tamang pagpapahayag ng impormasyon upang tiyakin na ang katotohanan ay hindi mababahiran sa pag-aaral na isinasagawa. Upang matiyak ang pagpapakatotoo at kawastuhan nito, ang mga tanong na gagamitin sa panayam ay dapat suriin muna ng eksperto bago ito gamitin. Dapat tiyakin na ang mga tanong na binuo ay tumutugma sa layunin ng pananaliksik at naglalaman ng wastong impormasyon. Mahalaga ang maingat na pagpili ng mga partisipante. Ang dependability o pagiging mapagkakatiwalaan ay tumutukoy sa pagiging pare-pareho ng mga datos sa iba't ibang pagkakataon. Samantalang ang confirmability ay naglalarawan ng pagsunod sa layunin ng pananaliksik (Polit at Beck, 2012).

**Etikal na Pagsasaalang-alang**

Upang maisagawa ng matiwasay ang pananaliksik, ang kapakanan ng mga partisipante ang dapat na isaalang-alang at gawing pangunahing priyoridad. Bilang isang mananaliksik kinakailangan na isaalang-alang ang pangangailangan at hinaing ng mga taong parte ng ginagawang pag-aaral at dapat ay nakatuon ito sa kanilang kabutihan. Ang magandang ugnayan ng partisipante at mananaliksik ay mahalaga para sa tamang paraan ng pananaliksik. (Mack et al., 2005)

Ang pangunahing konsiderasyon sa pag-aaral na ito ay ang indibidwal na mamamayan ng Kapalong Davao del Norte na may problema saa pag-unawa sa wikang Filipino. Bilang paggalang sa mga karapatan ng mga kalahok, tiniyak ng mananaliksik na siya ay may sapat na kaalaman tungkol sa mga bagay na tatalakayin. Tiniyak ng mananaliksik ang kanilang kaligtasan, binigyan sila ng buong proteksyon upang hindi mawala ang kanilang tiwala sa mananaliksik. Kaya naman, upang matugunan ang etikal na konsiderasyon sa pag-aaral na ito. Sinusunod ng mananaliksik ang limang napakahalagang alituntunin sa prinsipyong etikal na isinaad ni Mack et al. (2005), respeto sa mga tao, kabutihan, katarungan, pahintulot, at kompedensyalidad. Upang matiyak ang isang kaaya-ayang resulta ng pananaliksik ang mga etikal na kodigo ay binibigyan kahalagahan kung saan ito ay sinusunod at inilalapat sa mga impormante gayundin sa konteksto na may kinalaman sa kasunduan ng kapwa kalahok at ng mananaliksik

Ang unang prinsipyo ay ang **respeto sa mga tao** ito ay obligasyon ng mananaliksik na huwag abusuhin o pagsamantalahan ang kahinaan ng mga kalahok ng pananaliksik. Isinasaalang alang ang respeto upang mapanatili ang pagkakaibigan, tiwala, at kumpiyansa sa mga kalahok at ng mananaliksik (Creswell, 2012). Sa pagsisiguro nito ay ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay gagamitan ng mananaliksik ng sagisag bilang simbolo ng pagkakakilanlan ng kalahok.

Kaya naman sa pag-aaral na ito ay siniguro ang paghingi ng abiso mula sa mga mamamayan bilang kalahok sa pananaliksik na ito patungkol sa kanilang karanasan sa pag-unawa sa mga pampublikong babala. At bago ko sinimulan ang gawaing pakikipanayam ay nararapat na alam ng mga magiging kalahok ang layunin ng aking gagawing pag-aaral. Sila rin ay binigyan ko ng karapatang sumagot o hindi sa mga katanungan sa pag-aaral. Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay nagiging maingat ako lalo na sa pagtatanong, at iginagalang ko kung anoman ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kanilang nagiging tugon. Kung saan, nagbibigay abiso at humingi ng pahintulot sa mga partisipante sa pagrekord ng kanilang mga tugon upang matandaan ito ng mananaliksik para sa datos na kinakailangan sa pag-aaral.

Ang ikalawang prinsipyo ay ang **kabutihan**, ito ay upang pantilihin ang *anonymity* ng kinapanayam upang hindi ilagay sa panganib ang bawat kalahok. Sa lahat ng oras, kinakailangan na ang mga kalahok ay protektado, kaya ang bawat impormasyon ay hindi iniiwan na walang binabantayan o hindi protektado (Brick & Green, 2007) Ang mga pamantayang etikal ay nagtataguyod ng mga pagpapahalagang pagtutulungang gawain tulad ng pagtitiwala, pananagutan, paggalang at pagiging patas. May mga legal na kinakailangan na susundin kung saan kasama dito ang batas sa proteksyon ng datos at ang mga naaangkop na bagay na dapat gawin sa mga mananaliksik na nakikipagtulungan sa grupo ng mga tao. Kaya sa pag-aaral na ito ay nararapat iwasan ng mananaliksik ang mga panganib na maaaring mangyari sa pakikilahok ng mga partisipante. Pag-iwas sa panganib kagaya ng pagkakalantad ng pagkakakilantan o mga personal na datos ng mga kalahok Anoman ang mga posibleng kahihinatnan ng mga kalahok sa pag-aaral ay responsibilidad o pananagutan ng mananaliksik.

Ang ikatlong prinsipyo ay ang **katarungan** ito ay nangangailangan ng isang makatwirang paglalaan ng mga panganib at benepisyo bilang resulta ng paghahanap. Mahalaga na kilalanin ang mga kontribusyon ng lahat ng mga kalahok dahil sa pangkalahatan ay bahagi sila ng tagumpay ng pananaliksik. Dapat silang bigyan ng *duecredits* sa kanilang mga pagsusumikap. Hindi dapat sila gumastos ng anomang halaga sa panahon ng interbyu. Ang maayos na *token* ay ibibigay sa kanila bilang tanda ng pagkilala sa kanilang mga pagsisikap sa pag-aaral. (Bloom & Crabtree, 2006) Ang ika-apat na prinsipyo ay ang **pahintulot** ito ay upang ipaalam sa lahat ng kalahok na magkaroon ng kamalayan sa layunin ng pananaliksik. Kaya, bilang pagsunod sa mga etikal na konsiderasyon na kailangang isaalang-alang mahalagang makuha ang pahintulot ng mga partisipante sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na gumawa ng malaya at kusang desisyon sa paglahok para sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito. Ang nakasulat na pahintulot ay magbibigay sa kanila para makuha ang kanilang pag-apruba (Creswell, 2012).

Kaya, bago magsimula ang aktuwal na panayam ay ipinaalam ng mananaliksik sa mga kalahok na sila ay may karapatang magtanong sa panahon ng pakikipanayam, at may karapatang tumanggi na sagutin ang mga sensitibong tanong at bigyan ng kalayaan ang kalahok na umayaw o iwananan ang panayam nang walang anomang hinihinging paliwanag mula sa kanila. Gayundin, mahalaga na ang mga kalahok ay ganap na igagalang, poprotektahan at uunahin ang kanilang karapatan sa pagpili kung lalahok o hindi sa gagawing panayam. Higit sa lahat, ipapaalam ng mananaliksik sa mga kalahok na sila ay may karapatan na bigyan ng impormasyon tungkol sa laman, mga resulta at natuklasan ng pag-aaral.

Ang panghuli ay ang **kumpidensyalidad**, ibig-sabihin ay itinago ang mga pagkakakilanlan ng mga kalahok. Ang paggamit ng mga palayaw ay pinapayuhan upang protektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok. At ang lahat ng mga materyales, kabilang ang mga audiotape, naka-enkowd na dokumento, mga kopya, mga tala, at iba pa, ay dapat sirain pagkatapos masuri ang datos. Ang mananaliksik ay higit na mag-iingat, at ang mga tanong nito, gayundin ang nararapat na paggalang, ay bibigyan ng mataas na kahalagahan sa pag-aaral. (Maree & Westhuizen, 2007).

Bukod dito, ang pag-aaral ay kinakailangang umayon sa internasyonal na pamantayan ng mahusay na kasanayan sa pananaliksik. Ang mga prinsipyong ito ay naglalayong protektahan ang mga pangunahing impormante at tiyaking ang kanilang dignidad at karapatan ay pinangangalagaan. Mahalagang bigyang-pansin ang etikal na aspeto ng pananaliksik, tulad ng pagsang-ayon ng mga kalahok na boluntaryo, malinaw na komunikasyon ng layunin ng pag-aaral, at pagpapaliwanag ng mga posibleng benepisyo at panganib na maaaring kaharapin ng mga kalahok.

Dagdag pa rito, kailangang tiyakin ng mananaliksik na ang mga datos na nakalap ay gagamitin lamang sa paraang naaayon sa layunin ng pananaliksik at hindi lalabag sa anumang batas o etikal na panuntunan. Ang *transparency* at integridad sa pangangalap, pagsusuri, at pag-uulat ng datos ay mahalaga upang mapanatili ang tiwala ng mga kalahok at maitaguyod ang kredibilidad ng pag-aaral.

## RESULTA

**Unang tanung sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga karanasan ng mga mamamayan sa paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino?**

Masusing sinuri ang karanasan ng mga mamamayan sa pag-unawa ng mga pampublikong babala sa wikang Filipino upang sagutin ang pangunahing layunin ng pananaliksik. Ginamit ang in-depth interview at focus group discussion upang makuha ang malalim na pananaw at personal na karanasan ng mga kalahok. Layunin ng mga metodolohiyang ito na bigyang kalayaan ang mga kalahok na maipahayag ang kanilang karanasan nang walang limitasyon at matukoy ang mahahalagang aspeto ng mga babala. Upang masiguro ang organisado at sistematikong daloy, inihanda ang mga katanungang nakaugnay sa pangunahing layunin na nakatuon sa pagsusuri ng epekto, kahusayan, at kabuluhan ng mga pampublikong babala sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Matapos suriin ang mga pahayag ng mga kalahok, lumitaw ang tatlong (3) pangunahing tema: una, ang pagkagalak sa pagkakaroon ng mga pampublikong babala na tumutulong sa kanilang kaligtasan; ikalawa, ang kakulangan ng sapat at naaangkop na mga babala sa wikang Filipino na mas nauunawaan ng lahat; at ikatlo, ang mga isyu sa kalinawan ng mensahe kabilang ang hindi maayos na pagkakaprenta o maling paraan ng paghahatid ng impormasyon. Ang mga natuklasang ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malinaw, epektibo, at naaangkop na mga babala na tumutugon sa lingguwistiko at kultural na konteksto ng mga Pilipino upang mapataas ang antas ng kamalayan at kahandaan sa panahon ng kalamidad o krisi

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1:** ***Tema at mga ideya sa mga Pampublikong Babala sa Wikang Filipino***

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportartano Pahayag |
|---|---|
| **Nagtatamasa ng Kasiyahan sa mga bagong Pampublikong Babala** | • *Nang makakita ako ng pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino, ay nakaramdam ako ng kaaliwan, dahil sa paggamit ng sariling wika. Ahh para sa akin ito ay tanda ng pagpapahalaga sa ating kultura. IDI-03*<br>• *Base sa akong naobserbahan sa palibot, kadalasan sa makikita ay ang mga pampublikong babala na nakasulat sa wikang ingles, kaya't ng makita ko ang pampublikong babala na nakasulat sa wikang FIlipino ay namangha rin ako at natuwa dahil ginagamit rin pala, ito. FGD-03*<br>• *Masasabi ko na mahalaga ang pagkakaroon ng pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino sapagkat nagpapakita lamang ito na pahalagahan natin ang wikang pambansa dahil kadalasan sa mga pampublikong babala ay nakasulat sa wikang ingles kaya kapag may pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino ay nasisiyahan ako (FGD-02)*<br>• *Nang nakakita ako ng mga ilang pampublikong babala, dito sa ating komunidad ahhm nagagalak ako sapagkat makikita natin na ating itinatangkilik ang paggamit ng ating sariling wika sa pagbibigay ng babala sa mga tao na kung saan ay siyang gumagamit ng wikang Filipino. FGD-06* |
| **Hindi Sapat na Pampublikong Babala** | • *Sa aking napapansin hindi ito masyadong laganap sapagkat kakaunti lamang ang aking nakikita sa mga paaralan, opisina ng gobyerno at iba pang pampublikong pasilidad, IDI-02*<br>• *Sa aking pagkakaalala, minsanan lang akong makakita nito sa mga pampublikong lugar, lalong lalo na sa mga pribadong lugar sapagkat napapansin ko na mas tinatangkilik talaga ang wikang ingles sa mga pampublikong babala. IDI-03*<br>• *Sa aking nakikita, hindi gaanong laganap sa ating bansa ang paggamit ng wikang Filipino sa pagsulat ng mga signage sa pampublikong lugar dahil mas marami ang nakasulat sa wikang Ingles. FGD-05*<br>• *Just a few lang kay kasagaran nako makita kay english, usahay ra kaayu, ang filipino signage maka sad lang kay mas. Ginahatagan ug value ang English language kaysa sa atong sariling wika. FGD-07* |
| **Hindi Malinaw ang Mensahe o Pagkakaprenta** | • *Ang kamalian o hindi gaanong epektibong aspeto na napansin ko sa mga pampublikong babala na nakasulat sa wikang filipino ay ang minsang maling pagkakasulat o hindi malinaw na mensahe. Minsan ay may kulang na impormasyon na nagdudulot ng kalituhan. IDI-03*<br>• *May mga pampublikong babala na hindi angkop ang salitang ginamit kung minsan ito ay hindi makatutuhanan kung kaya ay maraming mga tao, ang nagkakaroon ng misunderstanding dito. IDI-04*<br>• *Ang maling pagbaybay sa salita at paggamit sa salita, gayong, ang iba ay bindi, pamilyar, o mas nakadadagdag ng pagkalito sa mga bumabasa. FGD-05*<br>• *Naay mga public signage nga gagmay kaayu ug front nga gi gamit unya dili kaayu sya ma klaro, naa sad mga signage nga ang color nga gi gamit kay dili bagay tungod dili kaayu, ma klaro ang, signage. Dahil sa mga katangian ng ganitong pampublikong babala ay marami ang hindi nagkakaunawaan, lalong lalo na ang mga senior citizen nga dili kaayu maka klaro sa mga words. FGD-07* |

**Pangalawang Katanungan sa Pananaliksik: Paano naapektuhan ang mga aksyon at desisyon ng publiko sa kanilang kapaligiran batay sa kanilang interpretasyon at pag-unawa sa pampublikong babala na wikang Filipino?**

Ang mga pangunahing tema at ideya mula sa tanong bilang 2 ay inilalarawan sa Talahanayan 3, na nagbibigay-diin sa epekto ng mga pampublikong babala sa wikang Filipino sa mga aksyon at desisyon ng mga kalahok. Ipinapakita sa mga tugon na ang paggamit ng wikang Filipino sa mga pampublikong babala ay mas epektibo sa pagpaparating ng mensahe kumpara sa iba pang wika. Ang malinaw na komunikasyon sa pamamagitan ng sariling wika ay nakatulong upang mas madaling maunawaan ng mga mamamayan ang mensahe ng babala, na nagresulta sa mas mabilis na pagkilos at mas maayos na koordinasyon sa panahon ng pangangailangan. Bukod dito, naibigay ang tiyak na impormasyon na kinakailangan upang mabawasan ang kalituhan at kawalan ng kahandaan sa komunidad.

Lumitaw sa pag-aaral na ang paggamit ng wikang Filipino ay nagbunsod ng mas mataas na tiwala ng publiko sa mga ipinapahayag na babala. Ang pagkakaroon ng malinaw at nauunawaang wika ay nagbigay ng kumpiyansa sa mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mamamayan na ang mga impormasyon ay wasto at mahalaga para sa kanilang kaligtasan. Sa ganitong paraan, nagkaroon ng mas mabilis at maayos na koordinasyon sa pagitan ng mga tagapagbigay ng babala at ng komunidad. Dagdag pa, ang paggamit ng wikang Filipino ay hindi lamang naging instrumento sa pagbibigay ng impormasyon ngunit naging simbolo rin ng pagkakaisa at pagkilala sa sariling kultura. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas pinaigting na paggamit ng lokal na wika sa mga pampublikong babala upang mapabuti ang kahandaan at kaligtasan ng lahat.

Batay sa mga sagot ng mga kalahok, tatlong pangunahing tema ang lumitaw. Una, mas madaling nauunawaan ang mga mensahe sa mga pampublikong babala sa wikang Filipino dahil ito ay mas malapit sa lingguwistiko at kultural na konteksto ng mga tao. Ikalawa, ang mga babalang ito ay tumulong sa paglutas ng mga suliranin at isyu, tulad ng pagtiyak na ang tamang impormasyon ay makarating sa tamang tao sa tamang oras. Ikatlo, naging mahalaga ang mga pampublikong babala sa pag-iwas sa panganib, dahil nagbigay ito ng malinaw na patnubay para sa mas ligtas na kilos at desisyon. Ang mga temang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino bilang pangunahing daluyan ng impormasyon upang makamit ang mas mataas na antas ng kamalayan at kahandaan sa komunidad.

**Talahanayan 2:** ***Gabay ng Pampublikong Babala sa Pagbuo ng Desisyon at Aksyon ng Mamamayan***

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportartang pahayag |
|---|---|
| **Pagpapadali ng mga Gawain sa Araw- araw** | • *Naging mas madali ito para sa mga tao na intindihin at unawain ang mensahe ng babala at hindi na nangangailangan ng pagaalinlangan kung tama ba ang kanilang pagkakaintindi og pag-unawa kompara sa wikang ingles IDI-01*<br>• *Para sa akin ay nagging mas madali nang maunawaan ang mga mensahe sa babala na nakasulat sapagkat nakasulat na ito sa ating unang wika at ibig sabihin noon ay hindi na tayo nangangailanga ng maglaan ng oraa upang siguraduhin na tama ang ating pagtanggap sa mensahe Mas nagin madali na lamang ito para sa kanila na unawain ang nakapaloob na mensahe sapagkat nakasulat na ito mismo sa kanilang wika. IDI-05*<br>• *Mas naging madali para sa akin na unawain ang mga babalang nakasulat at hindi ko na kailangan magtanong pa para siguraduhin na tama o mali ang aking pagkakaunawa sapagkat sarili na natin. Itong wika at hindi na kailangan magduda o mag alinlangan kung tama nga ba ang ating pagka-unawa. FGD-06*<br>• *Nakatulong ang pampublikong babala sa wikang filipino dahil alam naman natin na dito sa ating bansa ay marami tayong linggwahe at ang wikang Filipino lang ang daan upang tavu ay magkaunawaan sa kabila ng pagkakaiba ng ating mga katutubong wika. IDI-06* |
| **Pag lutas ng mga Suliranin at Isyu** | • *Upang malutas ang mga suliranin o isyu na nauugnay sa paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino, mahalaga ang maayos na koordinasyon at komunikasyon sa pagitan ng mga ahensya ng pamahalaan at lokal na komunidad upang masiguro ang epektibong pagpapalaganap ng impormasyon. IDI-02*<br>• *Nilulutas ko ang mga suliranin sa paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino sa pamamagitan ng paghingi ng klaripikasyon mula sa awtoridad kung hindi malinaw ang mensahe. Nagbibigay rin ako ng feedback upang mapabuti pa ang mga*<br>*susunod na babala. IDI-03*<br>• *Para sa matiwasay na proseso, ipagpaalam ito sa mga taong awtorisado upang ipagbigay alam ito ng sa gayun ay mabibigyan ito ng pansin at malutas ang suliranin. FGD-06*<br>• *Para sa akoa, pag nakakita ako ng mga pampublikong babala na mahirap unawain kay gina research nako sya para masabtan nako what is the reason behind that signage. Sapamamagitan din ito is maiiwasan ko ang mga maling hakbang IDI-07* |
| **Nakatulong sa Pag-iwas ng Panganib** | • *Ang mga pampublikong babala sa wikang Filipino ay nakakatulong sa pagpapatupad ng mga hakbang ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahahalagang impormasyon at paalala sa publiko, lalo na sa mga sitwasyon ng kalamidad o sakuna IDI-02*<br>• *Ang pagkakaroon po ng babala sa wikang Filipino sa aming komunidad is nakakatulong kagaya ng sinabi ng aking kapwa partisipante na halimbawa* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| | *bawal magtapon dito, bawal tumawid dito, tumawid sa tamang tawiran ay isa sa mga babalang nagbibigay paalala upang tayu ay panatilihing ligtas. FGD-02*<br>• *Ang mga pampublikong babala sa wikang Filipino ay nakakatulong sa pagpapatupad ng mga hakbang ng kaligtasan dahil nauunawaan ito ng mga tao, lalo na sa mga oras ng emergency. Naging mas mabilis at masyos ang pag aksyon ng mga tao dahil dito. IDI03*<br>• *Malaki yung epekto ng pampublikong babala sa wikang Filipino lalong lalo na sa pagpapatupad ng mga hakbang ng kaligtasan o pag-iwas ng mga panganib sa paggamit ng mga karatola gamit ang wikang Filipino nakakapagbigay sya ng kamalayan sa mga mamayan upang maiwasan yung mga dapat at hindi dapat gawin ng mga tao sa paligid doon sa mga naturang lugar IDI-07* |

**Pangatlong Katanungan sa Pananaliksik. Ano ang iyong pananaw sa paggamit ng pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino?**
Sa pag-aaral na ito, upang matugunan ang katanungang ito, isinagawa ang mas detalyadong panayam sa mga kalahok base sa kanilang pagkakasunod-sunod. Samakatuwid, maraming serye ng mga katanungan ang ibinato upang mas maunawaan ang kanilang mga pagsusuri at pananaw hinggil sa kanilang mga karanasan sa paggamit ng wikang Filipino sa mga pampublikong babala. Sa ganitong paraan, mas mabibigyang linaw ang kanilang mga karanasan ukol sa kanilang repleksiyon para sa lipunan o iba't iba pang larangan.

Ang mga tanong ay idinisenyo upang tuklasin ang epekto ng paggamit ng wikang Filipino sa kanilang pang-araw-araw na buhay, lalo na sa panahon ng mga sitwasyong kritikal tulad ng kalamidad o emerhensiya. Pinahahalagahan din sa panayam ang konteksto ng kanilang lokal na komunidad upang mas maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at hamon. Ang mga sagot ng mga kalahok ay nagsilbing mahalagang batayan upang maipakita ang kaugnayan ng malinaw at naaangkop na komunikasyon sa wikang Filipino sa pagbuo ng mas ligtas at mas maayos na komunidad.

**Talahanayan 3:** ***Pananaw ng Mamamayan Tungkol sa Pampublikong Babala na Nakasulat sa Filipino***

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportartang Pahayag |
|---|---|
| **Kahalagahan ng mga pampublikong babala sa wikang Filipino sa pagpapaunlad ng pagkakakilanlan bilang mga Pilipino** | • *Bilang isang pilipino, mahalaga ang pagkakaroon ng mga pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino dahil nagbibigay ito ng mas malawak na pag access sa impormasyon sa ating mga kababayan. Ito rin ay nagpapalakas ng ating pagkakakilanlan bilang isang bansa at nagpapalaganap ng kaalaman sa ating kultura at wika. IDI-02*<br>• *Ang mga pampublikong babala sa wikang Filipino ay mahalaga dahil ipinapakita nito ang pagpapahalaga sa sariling wika. Sa ganitong paraan, napapalakas ang pagkakakilanlan ng mga Pilipino at nagiging mas madali ang pag-unawa sa mga mensahe ng babala. FGD-05*<br>• *Bilang pilipino, naging mahalaga ang pagkakaroon ng mga pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino dahil ito ay nagtataguyod ng ating kultura. Nakatutulong din ito sa mas epektibong komunikasyon at pag-iingat. IDI03*<br>• *Napagtanto ko na ito ay mahalagang mahalaga dahil mas naipapalawak nito ang kabatiran sa wikang Filipino gayong hindi ito masyadong ginagamit sa ngayon. Kung mayroong ganito ang isang komunidad ay mas lalong naipipreserba ang ating wika. FGD-05* |
| **Epektibong Paggamit ng Wikang Filipino sa mga Pampublikong Babala** | • *Na realize nako nga mas nindot ug naay filipino signage kay dali sya masabtan sa mga tao nga dili kaayu maka sabot ug english IDI-01*<br>• *Upang maging epektibo ang pampublikong babala sa wikang Filipino. Mahalaga ang pagsiguro na ito ay madaling maintindihan ng karamihan, naayon sa pangangailangan ng komunidad, at regular na update upang maging kasalukuyan ang impormasyon na ibinabahagi nito IDI-02*<br>• *Ang mga epektibong pampublikong babala ay dapat madaling maunawaan ng karamihan, may malinaw na mensahe, at naglalaman ng mahahalagang impormasyon tulad ng mga numero ng emergency, mga patakaran sa kaligtasan, at iba pang mahahalagang anunsyo. IDI-02*<br>• *Bilang pilipino, mahalaga na may pampublikong babala na nakasulat sa wikang filipino sapagkat ipinapakita sa atin na hindi lamang wikang Ingles* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| | *ang gamitin sa mga pampublikong babala dahil maari ring gamitin ang wikang filipino, kapag wikang Filipino kasi ay mas madali itong maunawaan at maintindihan ng mga mamayang pilipino FGD-03* |
| **Ang papel ng wikang Filipino sa paglikha ng ligtas at maayos komunidad** | • *Napakahalaga ng pagkakaroon ng pampublikong babala na nakasulat sa wikang filipino, malaki yung kahalagahan ng pagkakaroon ng pampublikong babala upang magbigay ng kamalayan sa mga mamamayan kung alin ang dapat mga dapat gawin at hindi dapat gawin. FGD-01*<br>• *Napagtanto ko sa tuwing nakikita ko yung mga pampublikong babala is mahalaga talaga na magkaroon tayu ng kamalayan sa mga nakapaligid sa atin lalong lalo na sa mga tagubilin na dapat gagawin ng isang tao. FGD-01*<br>• *Sa aking napagtanto, ahhm ang pampublikong babala sa wikang Filipino ay maaring makita sa mga pampublikong lugar tulad ng mga kalsada, paaralan, at opisina. Karaniwang naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa kaligtasan, mga patakaran ng pamahalaan, at iba pang mahahalagang anunsyo. IDI-02*<br>• *Aking napagtanto sa mga nakikita kong mga babala na nakasulat sa wikang filipino sa mga pampublikong babala ay maganda mas napadali ang pag unlad dahil mas nauunawaan ng mamamayang pilipino. IDI-06* |

## DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng talakayan ng mga resulta at mga pangunahing mga tema ng pag-aaral, gayundin ang mga konklusyon at ang implikasyon para sa hinaharap na pananaliksik na nakaangkla sa mga resulta ng pagsisiyasat.

Bilang mananaliksik, ninanais nitong bigyang lalim ang pag-aaral na nakapokus sa mga katanungang ito, ano ang mga karanasan ng mga mamamayan sa paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino, paano naapektuhan ang mga aksyon at desisyon ng publiko sa kanilang kapaligiran batay sa kanilang interpretasyon at pag-unawa sa pampublikong babala na wikang Filipino, ano ang iyong pananaw sa paggamit ng pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ilarawan ang mga karanasan at pananaw ng mga piling mamamayan ng Kapalong Davao del Norte. Samakatuwid, ang pagaaral na ito ay nakatuon sa kanilang mga karanasan at kung paano nila nalampasan ang mga hamon dulot ng maling pagkakaunawa sa mga pampublikong babala sa wikang Filipino. Samu't saring masasayang karanasan ang ibinahagi ng mga partisipante ngunit kapupulutan ito ng aral.

Sa kontekstong ito, ginamit ang kwalitatibong pananaliksik na may deskriptibong dulog upang masusing maunawaan ang mga karanasan at pananaw ng mga mamamayan kaugnay ng pampublikong babala. Ang pag-aaral ay kinabibilangan ng labing-apat (14) na mga partisipante na sumailalim sa dalawang pangunahing pamamaraan ng pagkuha ng datos, *In-depth interview* at *Focus group discussion*. Ang bawat isa sa mga kategoryang ito ay nakatanggap ng masusing pagsusuri mula sa mananaliksik upang makuha ang mga detalyadong impormasyon. Sa proseso, ang mga partisipante ay bukas na nagbahagi ng kanilang mga pananaw, karanasan, ideya, at damdamin tungkol sa mga pampublikong babala, lalo na ang mga nakasulat sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, nagkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan at epekto ng mga pampublikong babala sa komunidad, pati na rin ang mga potensyal na isyu na dapat tugunan upang mapabuti ang kanilang bisa.

**Karanasan ng mga mamamayan sa paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino**

Mula sa mga datos na nakuha, nagawang uriin ng mananaliksik ang tatlo (3) na mahahalagang tema na naglalarawan kung ano ang mga naging karanasan ng mga mamamayan sa paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino

**Nagtatamasa ng Kasiyahan sa mga bagong Pampublikong Babala**

Ang pagkakaroon ng mga panibagong pampublikong babala ay nagbibigay ng panibagong pagsasaayos sa mga mamamayan ngunit kaabit nito ang dalang kasiyahan sapagkat mas natatangkilik ang sariling atin.

Ayon kay Qi at Gao (2020), ang mga pampublikong babala ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng kamalayan at pagbabago ng pag-uugali ng mga tao. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw at direktang impormasyon, ang mga babalang ito ay nagiging gabay sa mga indibidwal upang maging mas alerto at handa sa mga posibleng panganib. Dagdag pa nila, ang epektibong babala ay hindi lamang nakakaakit ng atensyon kundi nagbibigay din ng malinaw na direksyon para sa nararapat na kilos, na nagreresulta sa mas maayos na pagtugon sa krisis. Sa ganitong paraan, natutulungan ang publiko na protektahan hindi lamang ang kanilang sarili kundi pati ang kanilang mga mahal sa buhay, na nagtataguyod ng mas ligtas na komunidad.

Ang pampublikong babala ay isang mahalagang kasangkapan sa pagbibigay ng impormasyon sa publiko. Ito ay nagsisilbing tulay sa ugnayan ng mga awtoridad at mamamayan, na nagbibigay ng mahahalagang paalala at tagubilin upang mapanatili ang kaayusan, kaligtasan, at kaalaman sa komunidad. Ang mga pampublikong babala ay maaaring maglaman ng iba't ibang uri ng impormasyon, kabilang ang mga direksyon sa kalsada, senyales ng trapiko, mga paalala sa

kaligtasan, mga anunsyo, at impormasyon tungkol sa mga kaganapan. Ang tagumpay ng mga pampublikong babala ay nakasalalay sa kanilang kakayahang makuha ang atensyon ng mga tao, maipaliwanag ang mensahe, at himukin ang mga ito na kumilos nang naaayon. Ang paggamit ng malinaw na wika, malaking titik, at mga visual na simbolo ay nakatutulong upang mas madaling maunawaan ang mga babala, lalo na ng mga indibidwal na may limitadong kakayahan sa pagbabasa o may kapansanan sa paningin. Ang paglalagay ng mga babala sa iba't ibang lokasyon, tulad ng mga kalsada, paaralan, at mga pampublikong lugar, ay naninigurado na ito ay madaling makita ng publiko (Hendro, 2020).

**Hindi sapat na Pampublikong Babala.** Ayon sa obserbasyon ng mga partisipante, napansin nila na ang mga pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino ay limitado lang kumpara sa mga nakasulat sa wikang Ingles. Ito ay nagbigay-diin sa mas malawak na paggamit ng Ingles sa mga pampublikong babala kumpara sa wikang Filipino.

Sa kasalukuyan, madalas na nakasulat sa Ingles ang mga pampublikong babala. Ang pagkakaroon ng mga ganitong babala ay nagsisilbing praktikal na paraan upang matutunan ang mga bagong salita at parirala sa konteksto. Sa kabilang banda, ang kakulangan ng mga babalang nakasulat sa wikang Filipino ay nagiging hadlang sa mas malawak na pag-unawa ng mga lokal na mamamayan, lalo na ang mga hindi bihasa sa Ingles. Ang hindi sapat na mga babalang nakasulat sa sariling wika ay maaaring magdulot ng kalituhan at hindi pagkakaintindihan, na nagreresulta sa hindi epektibong pagka-unawa sa mahalagang impormasyon. Dapat bigyang-diin ang pangangailangan para sa mas maraming pampublikong babala sa wikang Filipino upang matugunan ang pangangailangan ng lahat at mapadali ang kanilang pag-unawa at pagsunod sa mga alituntunin (Bustamante, 2019).

Sa isang pag-aaral sa Mindanao State University Marawi, gumagamit ng iba't ibang wika ang mga pampublikong babala. Subalit, sa kabila ng pagkakaibang ito, ang Ingles ang nangungunang wika na ginagamit, na nag-uugnay sa mas malawak na pandaigdigang trend na kung saan itinuturing itong pangunahing wika para sa internasyonal na komunikasyon. Sa kasamaang palad, hindi masyadong napapansin ang mga katutubong wika tulad ng Filipino at Meranaw sa mga babalang ito. Ang sitwasyong ito ay nagreresulta sa kakulangan ng mga pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino, na kritikal para sa mga lokal na mamamayan. Ang hindi sapat na paggamit ng mga katutubong wika ay nagdudulot ng hadlang sa pag-unawa ng mga tao sa mga mahahalagang impormasyon, lalo na sa mga hindi pamilyar sa Ingles, na maaaring magdulot ng hindi pagkakaintindihan at panganib sa kaligtasan (Abbas et al., 2022).

**Hindi malinaw ang mensahe o pagkakaprenta.** Isa sa mga pangunahing suliranin ng mga mamamayan ay ang paglalaan ng maraming oras upang maunawaan ang mga pampublikong babala, lalo na dahil sa paggamit ng malalalim na salita. Ang ganitong sitwasyon ay nagdudulot ng pagkalito sa mga mamamayan, na maaaring magpabagal sa kanilang kakayahang tumugon sa mga kinakailangang aksyon. Bukod dito, ang pagkalito na dulot ng hindi madaling maunawaan na mensahe ay maaaring magresulta sa maling interpretasyon ng mga mahalagang impormasyon, lalo na sa mga pagkakataong nangangailangan ng agarang tugon, tulad ng mga sakuna o emerhensya. Dahil dito, nagiging mahalaga ang pagkakaroon ng mga pampublikong babala na nakasulat sa mas simpleng Filipino upang mas madaling maunawaan ng lahat. Ang paggamit ng malinaw at madaling salin na wika ay hindi lamang nakakatulong sa mas mabilis na pag-unawa kundi nagbibigay rin ng kumpiyansa sa mga mamamayan na sila ay maayos na maipapaabot ang mga mensahe, na kritikal para sa kanilang kaligtasan at kapakanan.

Mahalaga ang maingat na pagplano at pagdisenyo ng mga mensahe sa pampublikong babala, kung saan kinakailangang isaalang-alang ang mga karanasan ng mga mamamayan sa nasabing lugar upang hindi makasira sa kanilang pang-arawaraw na buhay at gawain. Ang pagkilala sa kanilang mga lokal na kaugalian, tradisyon, at pangangailangan ay mahalaga upang makabuo ng mga mensahe na tunay na makakaabot sa kanila. Dapat ding pag-aralan kung anong uri ng mensahe ang pinakamainam at kung paano ito dapat iparating upang maging epektibo at makamit ang layuning ninanais. Ang paggamit ng simpleng wika at malinaw na visual na elemento, tulad ng mga simbolo at larawan, ay makatutulong sa mas madaling pagunawa ng mga mamamayan, lalo na sa mga hindi nakapag-aral o hindi bihasa sa Ingles. Mahalaga ring isama ang mga lokal na lider at komunidad sa proseso ng pagbuo ng mga mensahe upang masiguro na ang mga ito ay angkop at tumutugon sa mga tunay na pangangailangan ng mga tao (Sauders et al., 2019).

Ang mga pampublikong babala o *signage* ay higit pa sa mga simpleng simbolo sa ating kapaligiran; ang mga ito ay may malalim na impluwensya sa ating kakayahan sa komunikasyon at pagpapahayag ng mensahe sa pamamagitan ng biswal na elemento. Ang mga signage ay hindi lamang nagbibigay ng impormasyon kundi naglalarawan din ng mga damdamin at emosyon ng mga tao. Sa wastong paggamit ng mga ito, ang mga mensahe ay maaaring maipahayag nang epektibo, maging ito man ay positibo o negatibo, na nag-aambag sa mas maayos na interaksyon sa komunidad. Gayunpaman, may mga pagkakataon din na ang mga pampublikong babala ay nagiging sanhi ng pagkalito dahil sa hindi malinaw na presentasyon ng mensahe. Ang masalimuot na mga disenyo, hindi maayos na pagkakaayos ng impormasyon, o kawalan ng sapat na konteksto ay maaaring humantong sa maling pagkaintindi at hindi wastong aksyon mula sa mga tao. Dahil dito, ang mga signage na may hindi malinaw na mensahe ay nagiging hadlang sa epektibong komunikasyon at maaaring magdulot ng panganib o hindi kinakailangang pagkalito. Sa ganitong paraan, mahalaga ang pagtiyak na ang mga signage ay malinaw, direkta, at madaling maunawaan upang makatulong sa pagbuo ng ligtas at epektibong kapaligiran kung saan ang lahat ay nakauunawa at nakikipag-ugnayan ng maayos (Ginni, 2023; Verma, 2023).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Paano naapektuhan ang mga aksyon at desisyon ng publiko sa kanilang kapaligiran batay sa kanilang interpretasyon at pag-unawa sa pampublikong babala na wikang Filipino**

**Pagpapadali ng mga gawain sa araw-araw.** Kadalasan sa mga respondente ay nagpahayag ng kanilang mga saloobin. Ayon sa kanila, mas nauunawaan nila ang mga mensahe ng pampublikong babala sa wikang Filipino sapagkat hindi na nila ito kailangang paglaanan ng mahabang oras, dahil mas madali itong maunawaan. Ang paggamit ng sariling wika ay nagbibigay ng mas mabilis na koneksyon sa kanilang mga karanasan at kultura, na nagiging dahilan upang mas mabilis nilang maiproseso ang impormasyon at nagbubunga ng mas madaling gawain sa araw-araw.

Ang paggamit ng mga larawan sa pampublikong babala ay nagdaragdag ng isa pang aspeto sa paghahatid ng impormasyon sa publiko. Ang mga ito ay nagbibigay ng biswal na representasyon ng mensahe, na tumutulong upang mas madaling maunawaan at matandaan ang impormasyon, kaya't nakatutulong sa pagpapadali ng mga pang-araw-araw na gawain. Sa tulong ng mga larawan, nagiging mas malinaw ang mga mensaheng nais iparating, lalo na sa mga kabataang mas madaling nakakaunawa kapag may mga larawan. Ang pagsasama ng mga larawan sa mga babala ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa at pinapalakas ang epekto ng impormasyon sa kanilang isipan. Ito ay mabisang paraan upang mas epektibong maiparating ang mahalagang mensahe sa mga kabataan at publiko (Chang, 2020).

Ang mga pampublikong babala ay karaniwang makikita sa kapaligiran, ito ay mahalagang bahagi ng ating pang-araw-araw na pakikipagsalamuha sa ating paligid. Dahil sa pagiging lantad nito sa publiko, ay mas madali itong makakaabot sa mga mamamayan. Ang paggamit ng sensitibo at simpleng wika, tinitiyak nito na madaling maunawaan ng lahat ang mga mensahe, anuman ang kanilang antas ng edukasyon o kakayahan sa pagbabasa. Karaniwang matatagpuan ang mga pampublikong babala sa mga lugar tulad ng mga kalsada, paaralan, ospital, at iba pang pampublikong lugar, na nagbibigay ng mahahalagang paalala at babala. Ang mga pampublikong babala o *public signage* ay may mahalagang papel sa paghahatid ng mga mensahe ito ay nagbibigay ng gabay, direksyon, at impormasyon. Ang mga babalang ito ay nagsisilbing paalala ng mga panganib, alituntunin, o mahahalagang anunsyo na tumutulong sa pagpapanatili ng kaligtasan, kaayusan, at kaalaman sa loob ng komunidad (Arani & Kriswati 2022).

**Pag lutas ng mga suliranin at isyu**. Maraming mga pamamaraan ang ibinahagi ng mga partisipante upang malutas nila ang mga suliraning dulot ng pampublikong babala sa wikang Filipino. Isa sa mga karaniwang estratehiya ay ang kanilang paglapit sa mga taong may awtoridad o nakakataas, na kanilang itinuturing na mas may kakayahan at mas may kaalaman sa pagbibigay ng angkop na solusyon. Ayon sa mga partisipante, ang pakikipag-ugnayan sa mga opisyal ng pamahalaan o mga lider ng komunidad ay isang epektibong hakbang upang agarang maresolba ang mga problemang nauugnay sa pampublikong babala. Bukod dito, may ilan ding nagpahayag na ang pagtutulungan at pagbibigayan ng kaalaman sa loob ng kanilang komunidad ay nakatutulong sa mabilis na pagtugon sa mga suliranin. Ang aktibong pakikilahok ng mga tao sa mga talakayan at pagpaplano kaugnay ng pampublikong babala ay nagiging daan upang mas maintindihan nila ang mga mensahe at aksyon na kinakailangang gawin.

Ang pampublikong babala ay isang mahalagang instrumento sa paghahatid ng impormasyon at pagbabahagi ng mga mensahe sa publiko. Ito ay nagsisilbing koneksyon sa pagitan ng awtoridad at mamamayan na nagbibigay ng mahahalagang paalala at gabay upang mapanatili ang kaayusan at kaligtasan ng mga mamamayan. Iba't ibang uri ng impormasyon ang maaaring laman ng mga pampublikong babala, tulad ng direksyon sa kalsada, mga patandaan sa trapiko, mga paalala sa kaligtasan, mga anunsyo, at mga abiso tungkol sa mga kaganapan. Ang epektibong pampublikong babala ay nakadepende sa kakayahang nitong makahikayat ng atensyon, maiparating ang mensahe nang malinaw, at magdulot ng tamang aksyon. Ang paggamit ng simpleng wika, malalaking titik, at mga visual na simbolo ay nakakatulong sa mas madaling pag-unawa, lalo na para sa mga may limitadong kakayahan sa pagbabasa o may kapansanan sa paningin. Ang paglalagay ng mga babala sa mga tamang lugar tulad ng kalsada, paaralan, at pampublikong lugar ay mahalaga upang matiyak na ito ay mababasa at makikita ng lahat (Hendro, 2020).

Ang pagiging lantad sa wika ay may positibong epekto sa kasanayan sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig, at pagsasalita. Mahalaga ang *exposure* sa wika para sa pag-aaral ng pangalawang wika at sa pagpapabuti ng kasanayan sa wika. Ang mas mataas na antas ng *exposure* sa target na wika ay nagbubukas ng mas maraming pagkakataon para sa mga mag-aaral na masanay at maging bihasa sa wika. Iminungkahi ng mga guro na samantalahin ang lahat ng pagkakataon upang mailantad ang mga mag-aaral sa Ingles sa pamamagitan ng mga aktibidad sa pagbabasa, pagsasalita, at pagsusulat, dahil may malaking kaugnayan ang *exposure* sa mga aspetong ito sa paaralan (Domingo, 2019).

**Nakatulong sa pag-iwas ng mga panganib.** Ang paggamit ng pampublikong babala sa wikang Filipino ay malaking tulong sa pag-iwas sa mga panganib dahil mas madali itong nauunawaan ng karamihan sa mga tao. Sa pamamagitan ng paggamit ng sariling wika, mas mabilis at epektibong naipapahatid ang mga mahahalagang mensahe, lalo na sa mga komunidad kung saan limitado ang kaalaman sa ibang mga wika. Ang pagiging malinaw at direkta ng mga babala sa wikang Filipino ay nagbibigaydaan sa mas maraming indibidwal na agad na maunawaan ang mga hakbang na kailangang gawin upang maiwasan ang panganib. Sa ganitong paraan, nagiging mas ligtas at handa ang publiko sa mga posibleng sakuna o panganib sa kanilang paligid.

Ang maayos na disenyo ng mga pampublikong babala ay isang mahalagang aspeto sa pag-iwas ng mga panganib at pagtiyak sa kaligtasan ng publiko. Ang pagkakaroon ng malinaw at tamang impormasyon sa mga babala ay nagbibigay ng pagkakataon sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mga mamamayan na maunawaan ang mga kinakailangang hakbang sa anumang sitwasyon. Sa paggamit ng simpleng wika, malalaking titik, at mga simbolong biswal, mas napapadali ang pag-unawa, lalo na para sa mga taong may limitadong kakayahan sa pagbabasa o may kapansanan sa paningin. Ang estratehikong paglalagay ng mga babala sa mga lugar tulad ng kalsada, paaralan, at iba pang pampublikong espasyo ay tumutulong upang masigurong makikita at mababasa ito ng mga mamamayan. Bukod dito, ang pagpapaunlad ng pampublikong babala ay mahalaga upang matiyak ang pagiging tumpak at napapanahon na impormasyon. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang impormasyon at paghikayat ng naaangkop na aksyon, ang mga pampublikong babala ay nagiging isang mahalagang bahagi sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga mamamayan (Bian et al., 2020).

Ang paggamit ng pampublikong babala, kabilang ang iba't ibang anyo ng visual na komunikasyon tulad ng mga palatandaan sa trapiko, karatula, at *digital* na anunsyo, ay mahalaga sa pagbibigay ng paalala sa publiko at pag-iwas sa mga posibleng panganib. Ang mga babalang ito ay nagbibigay ng agarang impormasyon na naglalayong protektahan ang kaligtasan ng mamamayan, lalo na ng mga kabataan, sa pamamagitan ng malinaw at madaling maunawaan na mensahe. Ito ang nagiging gabay sa tamang hakbang at mga dapat iwasan upang maiwasan ang aksidente o pinsala. Hindi lamang ito limitado sa mga karaniwang tanda sa kalsada o pampublikong lugar, kundi saklaw din ang mga babala ukol sa kalusugan, kalamidad, at iba pang sitwasyon na maaaring magdulot ng panganib. Sa pamamagitan ng wastong disenyo na gumagamit ng malalaking titik, maliwanag na kulay, at madaling unawaing simbolo ay mas nagiging kapansin-pansin at madaling nauunawaan ang mga babala. Mahalagang bahagi rin ito ng pagpapanatili ng kaayusan sa komunidad, lalo na sa panahon ng mga *emergency* tulad ng sakuna, trapiko, o kalusugan, dahil tinutulungan nito ang mga mamamayan na maging alerto, handa, at maagap sa anumang krisis. Sa huli, ang pampublikong babala ay isang mabisang kasangkapan upang mapanatili ang kaligtasan at kapakanan ng bawat isa, na nagreresulta sa mas maayos na tugon sa anumang panganib (Ibrahim et al., 2021).

**Ano ang iyong pananaw sa paggamit ng pampublikong babala na nakasulat sa wikang Filipino**

**Kahalagahan ng mga pampublikong babala sa wikang Filipino sa pagpapaunlad ng pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.** Karamihan sa mga partisipante ay binibigyang halaga ang paggamit ng wikang Filipino sa mga pampublikong daan. Ayon pa sa kanila, mahalaga ito sapagkat hindi lamang nito itinataguyod ang ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino, kundi nagsisilbi rin itong tulay upang mas maunawaan ng mas nakararami ang mga mensahe at alituntunin na ipinapahayag. Sa pamamagitan ng paggamit ng ating sariling wika sa mga karatula, senyas, at babala sa mga pampublikong lugar, napapalapit tayo sa ating kultura at kasaysayan, na nagiging daan upang mas mapalalim ang ating pagpapahalaga sa ating pagka Pilipino. Higit pa rito, ipinapakita ng paggamit ng Filipino sa mga pampublikong daan na ito ay hindi lamang simbolo ng ating identidad kundi isang mahalagang kasangkapan sa mas epektibong komunikasyon. Napapadali nito ang pag-unawa ng mga ordinaryong mamamayan, lalo na ang mga hindi bihasa sa Ingles o iba pang wika, kaya nagiging mas inklusibo at demokratiko ang mga mensaheng nais iparating. Sa ganitong paraan, mas napapayaman natin ang ating sariling wika, at mas napapalaganap ang diwa ng pagiging makabayan sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

Ang mga pampublikong babala o *public signage* ay hindi lamang mga simpleng marka sa kapaligiran, kundi may malalim na impluwensya sa paraan ng komunikasyon at pagpapahayag ng mensahe sa pamamagitan ng biswal na anyo. Hindi lamang ito nagbibigay ng impormasyon, kundi ipinapakita rin nito ang damdamin at emosyon ng mga mamamayan. Ang mga mensahe ng pampublikong babala ay may positibo o negatibong epekto sapagkat maaari itong maihatid nang malinaw at epektibo. Ang mga pampublikong babala ay mahalaga sa paghubog ng ating kapaligiran, tumutulong ikto sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao, at nagbibigay direksyon at kahulugan sa ating paligid (Ginni&Verma 2023).

Ang disenyo ng mga pampublikong babala ay mahalaga sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mamamayan, hindi lamang sa aspeto ng kaligtasan kundi pati na rin sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Bagama't maraming mga salik ang maaaring makaapekto sa kanilang pag-unawa sa mga pampublikong babala kabilang ang kanilang kultura, antas ng edukasyon, pamilya, at interaksyon sa lipunan, mayroon ding mga limitasyon na dulot ng yugto ng pag-unlad ng kanilang isipan. Ang mga limitasyong ito ay hindi madaling malagpasan sa pamamagitan lamang ng interbensyon o edukasyon, kaya kinakailangang isaalang-alang ng mga tagapagdisenyo ng mga babala ang paggamit ng mga simpleng salita, mga makukulay na larawan, at mga simbolong madaling maunawaan ng mga mamamayan. Sa ganitong paraan, mas magiging kapaki-pakinabang ang mga babala at magiging bahagi ito ng kanilang pagkatuto habang sila ay lumalaki. Bukod dito, ang lokasyon at pagkakalagay ng mga pampublikong babala ay mahalaga rin dapat ito ay madaling makita at abot-tanaw ng mga bata, upang tiyak na mapansin nila ito. Sa pamamagitan ng mga pagsasaalang-alang na ito, mas magiging epektibo ang mga babala sa pagtuturo sa mga bata tungkol sa kaligtasan at tamang kilos sa iba't ibang sitwasyon (Dempsey et al., 2022).

**Epektibong paggamit ng wikang Filipino sa mga pampublikong babala.** Ayon sa mga partisipante, epektibo ang paggamit ng wikang Filipino sa mga pampublikong babala dahil mas naiintindihan ito ng karamihan, lalo na ng mga mas bihasa sa sariling wika. Upang mas mapabuti ang epektibong pampublikong babala, inirekomenda ng mga partisipante na gumamit ng simpleng salita at malinaw na mensahe para madaling maunawaan ng lahat, kabilang ang mga bata, matatanda, at mga may limitadong kakayahan sa pagbasa. Dagdag pa rito, makakatulong ang paggamit ng biswal na simbolo o larawan upang gawing mas inklusibo ang mga babala, lalo na para sa mga hindi bihasa sa pagbabasa o mga dayuhang hindi pamilyar sa wikang Filipino.

Ang nangingibabaw na presensya ng wikang Ingles ay nagdudulot ng hamon sa mga lokal na wika, kabilang ang Filipino. Ang labis na pagbibigay halaga sa wikang Ingles ay maaaring magresulta sa pagbaba ng halaga at puwang sa mga katutubong wika, na maaring maging banta sa pag-unlad nito. Samakatuwid, mahalaga ang pagbuo at paglikha ng mga pampublikong babala sa mga lokal na wika upang mapanatili ang ating pagkakakilanlan at maiwasan ang tuluyang pagkawala ng ating kultura. Ang pagsasama ng mga lokal na wika sa mga pampublikong babala ay hindi lamang nagpapakita ng pagpapahalaga sa ating sariling kultura kundi nagbibigay din ng pagkakataon para sa mas malalim na pag-unawa at pagkakaisa sa lipunan. Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino, mas pinadadali ang mensahe at pinapalakas ang ugnayan ng mga mamamayan, na nagtutulak sa mas maayos na pakikipagkomunikasyon at pagpapalaganap ng impormasyon (Spolsky at Shohamy, 2021).

Sa pananaliksik sa kalagayang pangwika ng *Western Mindanao State University* napag-alaman ang kawalan ng opisyal na mga pambansang wika na pampublikong babala sa loob ng unibersidad. Ito ay isang malaking isyu na nangangailangan ng agarang solusyon. Sa kabila ng hangarin ng unibersidad na maging *globally competent* at kilalanin sa internasyonal na antas, kapansin-pansin ang kakulangan ng mga pampublikong babala sa wikang Filipino. Ang mga pampub likong babala sa wikang Filipino ay hindi lamang nagtataguyod ng epektibong komunikasyon kundi mahalaga rin sa pagpapanatili ng mga lokal na wika na siyang mahalagang bahagi ng mga kultural at etnikong identidad. Upang itaguyod ang pagkakaiba-iba ng wika at inklusibidad sa kultura, lubos na inirerekomenda na ikonsidera ng unibersidad ang pagpatupad ng mga opisyal na multilingual na pampublikong babala (Williams at Lewis, 2021).

**Ang papel ng wikang Filipino sa paglikha ng ligtas at maayos na komunidad.** Malaki ang ginagampanan ng pampublikong babala sa wikang Filipino sapagkat nagbibigay ito ng mahalagang paalala sa mga wastong gawain. Sa pamamagitan ng pagtangkilik dito, hindi lamang tayo binibigyan ng kaligtasan kundi mapapanatili rin natin ang ating sariling wika upang hindi ito tuluyang mamatay at mawala. Ang paggamit ng wikang Filipino sa mga babalang ito ay nakakatulong sa mas madaling pag-unawa ng mga mamamayan, lalo na sa mga kabataan na mas sanay sa sariling wika. Bukod dito, ang mga pampublikong babala ay nagsisilbing tulay sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa mga tamang hakbang at impormasyon, na mahalaga sa pagpapanatili ng kaayusan at kaligtasan sa ating lipunan. Sa bawat babala na nasa Filipino, pinapakita natin ang pagpapahalaga sa ating kultura at identidad bilang mga Pilipino. Ang ganitong mga hakbang ay nagtataguyod ng mas malawak na pag-unawa at pakikilahok ng mga tao sa kanilang komunidad, na nagiging daan sa mas matagumpay na pagsasakatuparan ng mga programa at polisiya na nakatuon sa kanilang kapakanan.

Ang paggamit ng wikang Filipino ay may malaking kahalagahan sa pagpapanatili ng malinaw at epektibong komunikasyon sa lahat ng sektor ng lipunan. Ito ang pangunahing kasangkapan sa pagpapalaganap ng kaalaman at impormasyon, na nagiging tulay sa pag-unawa at pagkakaisa ng mga mamamayan. Bukod dito, ang katutubong wika ay nagsisilbing pundasyon ng personal, sosyal, at kultural na pagkakakilanlan ng isang tao. Para sa iba't ibang etnikong grupo sa bansa, ang kanilang katutubong wika ang siyang nag-uugnay sa kanila sa kanilang mga tradisyon, kultura, at kasaysayan. Sa pamamagitan ng paggamit ng sariling wika, mas malaya at may kumpiyansang naipapahayag ng bawat indibidwal ang kanyang damdamin, saloobin, at karanasan, na siyang nagpapalalim sa kanilang pakikipag-ugnayan sa komunidad (Torres 2022).

Ang wikang Filipino ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng pagkakakilanlan ng bansa dahil nagdadala ito ng mga kultural na yaman at kaalaman ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng wika, naipapahayag ng bawat indibidwal ang kanilang natatanging pagkakakilanlan at kasaysayan. Ito rin ang nagdadala ng mga kwento, tula, at alamat na naglalarawan ng diwa ng pagiging Pilipino at mga pagpapahalaga na dapat ipasa sa mga susunod na henerasyon. Ang paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang aspekto ng buhay, mula sa edukasyon hanggang sa mga pampublikong komunikasyon, ay nag-aambag sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa ating mga tradisyon at nakaraan. Bukod dito, ang wikang Filipino ay nagsisilbing tulay upang mapanatili ang ating identidad bilang isang lahi sa kabila ng mga hamon na dulot ng modernisasyon at globalisasyon. Sa ganitong paraan, ang wikang Filipino ay hindi lamang isang kasangkapan ng komunikasyon, kundi isang simbolo ng ating pagkakakilanlan at pagmamalaki bilang mga Pilipino. (Brodowic 2024)

## TALASANGGUNIAN

1. *Abbas, J. H., Samad, B. M. A., Imam, M. H. M., & Berowa, A. M. C. (2022). Visuals to ideologies: Exploring the linguistic landscapes of Mindanao State University Marawi campus. Lingua Cultura, 16(2), 187–192.*
2. *Allbrook, M., & Quinn, J. (2020). The effectiveness of regulatory signs in controlling human behaviour and Northern gannet (Morus bassanus) disturbance during breeding: An experimental test. ScienceDirect.*
3. *Anderson, J. A., Wiredu, J. F., Ansah, G. N., Frimpong-Kodie, G., Orfson-Offei, E., & Boamah-Boateng, D. (2020). A linguistic landscape of the central business district of Accra. Legon Journal of the Humanities.*
4. *Ben-Rafael, E., Shohamy, E., Amara, M. H., & Trumper-Hecht, N. (2006). Linguistic landscape as symbolic construction of the public space: The case of Israel.*
5. *Bian, J., Fu, H., & Jin, J. (2020). Are we sensitive to different types of safety signs? Psychology Research and Behavior Management.*
6. *Borbon, K. (2020). Ano nga ba ang Wikang Filipino?*
7. *Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101.*
8. *British Educational Research Association [BERA]. (2018). Ethical guidelines for educational research (4th ed.). London: British Educational Research Association.*
9. *Brodowicz, M. (2024). Ang kahalagahan ng pagpapanatili ng Wikang Filipino sa kasalukuyang henerasyon.*

ISSN (Online): 2455-3662
**EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal**
**Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188**

10. *Bustamante, J. (2019). Students' perceptions on the use of public signage in studying English.*
11. *Chang, M. (2020). Environment safety and visual communication: An exploration of children's comprehension on safety pictograms. International Journal of Innovation in Management, 8(2), 65–72. Chambers, J. (1995). Sociolinguistic theory. In The handbook of linguistics. Oxford: Blackwell.*
12. *Clorion, F. D., Bulado, A. J. B., Abequibel, B., & Dumagay, A. H. (2024). Exploring linguistic signage in higher education: An empirical study of a linguistically diverse context.*
13. *Coballes, E. (2022). The Ibanag language and public signages. Retrieved from https://mirror.pia.gov.ph/features/2022/12/12/the-ibanag-language-and-publicsignages*
14. *Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative approaches (4th ed.). Thousand Oaks, CA: Sage Publications.*
15. *Crocker, M. (2019). Why exposure is important when learning a second language.*
16. *Devanadera, A., & Cortez, R. (2023). Manila Chinatown's linguistic landscapes. Journal of Education & Language Studies, 1(1), 84–106.*
17. *Dempsey, J., Sim, G., Cassidy, B., & Ta, V. T. (2022). Children designing privacy warnings: Informing a set of design guidelines. International Journal of ChildComputer Interaction, 31, 100446.*
18. *Dellinger, A., & Gilchrist, J. (2019). Leading causes of fatal and nonfatal unintentional injury for children and teens and the role of lifestyle clinicians. American Journal of Lifestyle Medicine, 13(1), 7–21.*
19. *Djonda, U., & Madrunio, M. (2023). Multilingual characteristics of touristic linguistic landscape of Labuan Bajo. Journal on English Language Teaching and Learning Linguistics and Literature.*
20. *Eckart, S. (2019). Study shows exposure to multiple languages may make it easier to learn one.*
21. *Fernandez, A., et al. (2020). Understanding of traffic signs by drivers in the city of Manila, Philippines.*
22. *Fishbein, M., & Ajzen, I. (1975). History of theory of reasoned action: Models and mechanisms of public behavior.*
23. *Freud, S. (1921). Social cohesion revisited: A new definition and how to characterize it.*
24. *Giles, H., Bourhis, R. Y., & Taylor, D. M. (1977). Towards a theory of language in ethnic group relations. In H. Giles (Ed.), Language, ethnicity and intergroup relations (pp. 307–348). London, UK: Academic Press.*
25. *Ginni. (2023, September 18). The impact of signage: Elevating your brand through effective visual communication. Medium.*
26. *Gorter, D. (2006). Linguistic landscape: A new approach to multilingualism. Gorter, D., & Marten, H. F. (2020). Minority languages in the linguistic landscape. Palgrave Macmillan.*
27. *Hendro, E. P. (2020). Symbol: Meaning, function, and methodological implications. Scientific Journal of Anthropological Studies, 3(2), 158–165.*
28. *Hunter, A., McCallum, J., & Howes, D. (2018). Defining exploratory-descriptive qualitative (EDQ) research and considering its application to healthcare.*
29. *Ibrahim, H. A., Chew, C. C., Dahian, K., Mazlan, N. N., John-Joseph, J., Aznan, N., … & Amar-Singh, H. S. S. (2021). Is our child safe on the escalator? Malaysian Journal of Medicine & Health Sciences, 17(4).*
30. *Identity Group. (2022). History & relevance of 3D signage in marketing.*
31. *Joseph Straubhaar. (1991). Beyond media imperialism: Asymmetrical interdependence and cultural proximity.*
32. *Khan, S. (2020). Thematic analysis of qualitative data: AMEE Guide No. 131.*
33. *Kusno, A. (2021). Redefinition of vocabulary related to language war (Forensic linguistic studies). Retrieved from https://diglosiaunmul.com/index.php/diglosia/article/view/183*
34. *Mack, N., Woodsong, C., MacQueen, K. M., Guest, G., & Namey, E. (2005). Qualitative research methods: A data collector's field guide. USA: Family Health International.*
35. *Morrow, B. H. (2019). Community response to hurricane warnings: Barriers to evacuation. Natural Hazards Review, 20(3), 04019008. https://doi.org/10.1061/(ASCE)NH.1527-6996.0000323*
36. *Musofiana et al. (2023); Zulkarnain et al. (2023). Holistic integration: The efforts legal protection for children challenge of support victim. Journal of Law and Sustainable Development, 11(11), e1963.*
37. *Nielo, L. C. G. (2024). A disaster communication plan for Higher Education Institutions in the island province of Occidental Mindoro, Philippines. Frontiers in Communication, 9, Article 1368221. https://doi.org/10.3389/fcomm.2024.1368221*
38. *Nibalvos, M. (2019). Ang wika sa pampublikong espasyo: Isang pag-aaral sa tanawing kwika ng Maynila. Retrieved from https://www.academia.edu/43503807*
39. *Palinkas, L. A. (2015). Purposeful sampling for qualitative data collection and analysis in mixed method implementation research.*
40. *Precious Domingo. (2019). Correlation between the students' English language proficiency and their exposure to English language.*
41. *Qi, M., & Gao, H. (2020). Acute psychological stress promotes general alertness and attentional control processes: An ERP study. Psychophysiology.*
42. *Rogers, E. M. (1962). Diffusion of innovations theory: Definition and examples.*
43. *Sapir, E., & Whorf, B. L. (1928). Sapir-Whorf hypothesis. Retrieved from https://simplypsychology.org/sapir-whorf-hypothesis.html Schreiber, J. B., & Pekarik, A. J. (2014).*
44. *Sheppard, B. (2006). Purposive sampling.*
45. *Shenton, A. K. (2004). Strategies for ensuring trustworthiness in qualitative research projects.*
46. *Siwina, & Prasithrathsint. (2020). Multilingual landscapes on Thailand's borders.*
47. *Spolsky, B., & Shohamy, E. (2021). The Cambridge handbook of language policy. Straubhaar, J. (1991). Cultural transduction and adaptation studies: The concept of cultural proximity.*
48. *Sweller, J. (1988). Cognitive load.*
49. *Takahashi, B., & Igusa, K. (2020). Understanding disaster warnings in the Philippines: A study on communication barriers and public response. International Journal of Disaster Risk Reduction, 51, 101847. https://doi.org/10.1016/j.ijdrr.2020.101847 Tajfel, H. (1978). Social identity theory.*
50. *Torres, R. (2022). Wikang Filipino at mga katutubong wika, wikang ipinagmamalaki.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

51. *Unluer, S. (2015). Being an insider researcher while conducting case study research.*
52. *Verma, S. (2023). The role of design in visual communication. IAD.*
53. *Wilawan Champakaew, Nattapat Suejam, & Maneerat Chuaychoowong. (2023). Linguistic landscape and cultural globalization: A comparative study of signages in a multi-cultural environment.*
54. *Zulkarnain, R. N., & Siswanto, H. (2023). Strategies for committing narcotics abuse by children through community policing. Journal of Law and Sustainable Development, 11(3), e487.*
55. *Zou, C. Y., & Chen, Y. (2020). Improvement of safety sign design based on analysis comprehensibility test result. In Advances in Human Factors in Communication of Design: Proceedings of the AHFE 2019 International Conference on Human Factors in Communication of Design (Vol. 10, pp. 117–123). Springer International Publishing.*